



Amnestiya sa Tiket Trapiko (Traffic Ticket)

Amnesty :

Ano ang kailangan kong malaman?



Babawasan ng programang traffic ticket amnesty ang kabuoang multa na pagkakautang ng mga taong may karapat-dapat na mga ticket. Ibabalik din nito ang mga lisensiya sa pagmamaneho na nasuspende dahil sa kapabayaang sumipot (failure to appear, FTA) at/o kapabayaang magbayad (failure to pay, FTP).

Mag-apply sa pagitan ng Oktubre 1, 2015 at Marso 31, 2017.

Mga Tiket Bago Enero 1, 2013

- Paliitin ang iyong multa (ng hanggang 80%).
- Mag-sign up para sa plano ng pagbabayad batay sa iyong kita
- Ipa-reinstate kaagad ang iyong lisensiya.

Mga Tiket Pagkatapos ng Enero 1, 2013

- Mag-sign up para sa plano ng pagbabayad batay sa iyong kita
- Ipa-reinstate ang iyong lisensiya.
- Hindi ka makakakuha ng kabawasan sa iyong pagkakautang na halaga

Mahalaga

Ang programa na ito ay para sa anumang ticket na hinahawakan ng korte ng trapiko (hindi lang mga ticket sa pagmamaneho). Gayunman, ang programa na ito ay hindi akma sa mga parking ticket, walang ingat na pagmamaneho, DUIs, at ilang iba pang mga malubhang pagkakasala sa pagmamaneho. Gayundin, ang programa na ito ay hindi akma sa mga taong may utang na pagbabayad-pinsala sa biktima o may hindi pa nababayaran isang mabigat na kasalanan o mandamyento ng maliit na krimen ng anumang uri. Kung hindi ka sigurado kung ang programa na ito ay naaangkop sa iyo, itanong sa Superior Court sa county kung saan inisyu ang ticket. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng San Francisco, mangyaring tumawag sa 311 o bisitahin ang sf311.org.

Pagbabawas

Kung ang iyong mga ticket ay karapat-dapat sa pagbabawas, ang halaga ay ibabatay sa iyong kita. Kung napakababa ang iyong kinikita, maari kang makakuha ng 80% na diskuwento. Lahat ay maaring makakuha ng 50% na diskuwento.



Pagkasuspinde ng Lisensiya

Ire-reinstate ang iyong lisensiya kung babayaran mo ang iyong nabawasan na utang nang buo. O mag-sign up para sa plano ng pagbabayad na batay sa iyong kita.



Mga Bayad

Pinahihintulutan ang hukuman na maningil ng hanggang sa \$50 para sa pakikilahok sa programa. HINDI mo kailangang bayaran ang singil na ito ng antimano. Maaari itong idagdag sa iyong kabuuang balanse at bayaran sa pamamagitan ng iyong plano sa pagbabayad. Naniningil ang DMV (Departamento ng mga Sasakyang de Motor) ng \$55 para sa pagpa-reinstate ng lisensiya.



Plano ng Pagbabayad

Maari kang mag-sign up para sa buwanang plano ng pagbabayad na batay sa iyong kita. Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo ng publiko o napakababa ang kinikita, tiyaking may dokumentong patunay bago mag-apply.



Kontak

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Ticket Amnesty programa ng San Francisco, tawagan ang 311 o bumisita sa <http://bit.ly/1qlpuTG>



Mga Aplikante ng AB 60

Ang AB 60 ay isang batas na naipasa upang payagan ang hindi dokumentadong mga indibidwal upang makakuha ng lisensiya sa pagmamaneho. Kung ikaw ay tinanggihang maglisensiya sa pamamagitan ng AB 60 dahil sa hindi nabayaranang ticket, maaari kang lumahok sa amnesty at maging karapat-dapat para sa isang lisensiya.



Traffic Ticket Amnesty: Paano Ako Magpapatala sa San Francisco?



Babawasan ng programang traffic ticket amnesty ang kabuoang multa na pagkakautang ng mga taong may karapat-dapat na mga tiket. Ibabalik din nito ang mga lisensiya sa pagmamaneho na nasuspende dahil sa kapabayaang sumipot (failure to appear, FTA) at/o kapabayaang magbayad (failure to pay, FTP).



Mag-apply sa pagitan ng Oktubre 1, 2015 at Marso 31, 2017.

1



Kumuha ng Aplikasyon

Pumunta sa www.sfsuperiorcourt.org at i-click ang na pindutan upang mag-printa ng aplikasyon, o tawagan ang 1-877-541-8420 upang magkaroon ng isa na ipapadala sa iyo.

Amnesty Program 2015



2



Kumpletuhin at Ipadala ang Form

Ipadala ang kinumpletong aplikasyon sa **AllianceOne** sa tirahang ibinigay:
6160 Mission Gorge Rd., Ste. 300, San Diego, CA 92120

3



Talakayin ang mga Opsyon

Ang **AllianceOne** ay kokontakin ka upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa iyong pagkakautang at talakayin ang pagbabayad na mga opsyon.

4



Pagbabayad

Ibigay ang iyong unang bayad, kasama ang \$50 na bayad ng aplikasyon.

(Puna: Kung mahigit sa isang county ay may hawak sa iyong lisensiya, kailangan mong makipag-ugnay sa bawat county ng hiwalay.)

5



Pumunta sa DMV para sa Lisensiya ng Pagmamaneho

Ili-lift ng San Francisco Superior Court ang hawak nito sa iyong lisensiya sa pagmamaneho sa loob ng mga 10 araw ng pagtanggap sa iyong unang bayad. Mula doon ay maari mo nang kontakin ang iyong lokal na DMV upang mag-apply para sa bagong lisensiya sa pagmamaneho. Sisingilin ka ng pinakamababang bayad na \$55.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa dmv.ca.gov.



Kontak

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa Ticket Amnesty na programa ng San Francisco, tawagan ang 311 o bumisita sa <http://bit.ly/1q1puTG>